

Pagtatagpo ng Kasaysayan at Panitikan sa mga Tudtulan ng mga Sinaunang Maguindanaon

Shandra C. GONSANG

University of Southern Mindanao

Kabacan, Cotabato

scgonsang@usm.edu.ph

<https://orcid.org/0000-0001-5392-6024>

Abstrak

Pinatunayan sa papel na ito ang matalik na ugnayan ng panitikan at kasaysayan. Gamit ang pamaraang indehinus o pangkatutubo, nangolekta ng mga tudtulan (sinaunang kuwentong bayan ng mga Maguindanaon) mula sa bibig ng mga matatandang Maguindanaon, isinatitik, at isinalin sa Filipino. Matapos makuha ang larawan ng mga Maguindanaon mula sa mga kuwentong bayan, itinapat ito sa kasaysayan upang mapatunayan ang pamamalagay na may kakayahan ang panitikan na matapat na ipakilala ang kasaysayan at may kakayahan din itong mamagitan sa kasaysayan. Hinanap ang mga nawawalang tauhang nabanggit sa parehong panitikan at kasaysayan sa katauhan nina Tabunaway at Mamalu at ang representasyon ng mga kababaihan sa katauhan ni Salabanun sa panahong hindi pa nakayakap sa relihiyong Islam ang mga Maguindanaon hanggang sa unang panahon ng pagsapit ni Kabungsuwan sa Maguindanao. Parehong binanggit sa matandang panitikan at kasaysayan na nag-ugat ang mga Maguindanaon mula sa mga Manobo at Teduray. Parehong binanggit sa panitikan at kasaysayan ang pamumuno ng mga lokal na pinunong sina Mamalu at Tabunaway at ang pananakop sa lugar ni Kabungsuwan gamit ang pangangalakal at higit sa lahat ang pagpapayakap sa pananampalatayang Islam. Tanging sa panitikan lamang naitanghal ang pagkakapantay-pantay ng lalaki at babae bilang pinuno, hindi ito nakita sa kasaysayan. Hindi naging malinaw ang pagkawala ni Mamalu sa kasaysayan, na ayon sa panitikan ay namundok dahil sa pagtutol sa pananampalatayang Islam. Kung gayon, mahihinuhang, may sinasabi ang panitikan na hindi sinasabi ng kasaysayan at bise-bersa ngunit nagtutulungan ang isa't isa upang mapalitaw ang mahigpit nilang ugnayan.

Mga Susing Salita: Maguindanaon, Tudtulan, Kasaysayan, Diskurso, Sinaunang panitikan

Ang Kasaysayan sa Panitikan, Panitikan sa Kasaysayan

Sinasabing kung nais mong malaman ang kasaysayan ng isang bansa, basahin mo lamang ang panitikan ng bansang ito at ibabalik ka sa nakaraan; at kung nais mo namang malaman ang nilalaman ng kanilang panitikan taluntunin mo lamang ang kasaysayan ng nasabing bansa at tiyak na pinapaksa nito ang kanyang panitikan na nahihiyasan ng puso't damdamin ng kumatha nito. Mahirap maihiwalay ang isa sa isa. Parehong naghihiraman ang mga ito ng mga kaisipang nagbibigay-linaw sa takbo ng mga pangyayaring isinisiwalat ng mga pangyayari sa lipunan.¹

Masasalamín sa panitikan ang mga karanasang pinagdaanan ng isang bansa na siya ring matutunghayan sa mga pahina ng aklat-kasaysayan. Nagkakaroon lamang ng pagkakaiba dahil kung pinapaksa ng kasaysayan ang tungkol sa malalakas at mga kinikilala, pinapaksa naman ng panitikan ang hindi lamang ang mga kilala o may pangalan kundi maging ang mga walang pangalan, ang mga mahihina, ang damdamin ng kabiguan, ng kalungkutan, ng mga hinaing, mga mithiin na umaantig sa puso at damdamin ng mga mambabasa.

Kung inaantig ng panitikan ang puso at damdamin, pinakikilos naman ng kasaysayan ang isipan. Kasaysayan ang nagdala sa atin sa kasalukuyang panahon upang ituwid ang dapat ituwid, baguhin ang dapat baguhin, ipagpatuloy ang dapat ipagpatuloy at itigil ang dapat itigil. Mahalaga ang kasaysayan sa pagdukál natin sa ugát ng ating lipi. Ang mga pangyayaring nakatala sa kasaysayan ang siya ngayong patnubay natin sa pagharap sa bawat araw na dumarating ngunit ang mga pangyayaring ito sa kasaysayan ay naaninag sa panitikan. Kung gayon, sa nawawalang bahagi ng kasaysayan upang matukoy ang ugát ng bawat etnikong grupo sa bansa, basahin ang sinaunang panitikan at madudukal ang pinanggalingan. Maaaring tuklasin ang kasaysayan ng ating mga ninuno mula sa mga sinaunang panitikang katutubo na pamana pa nila sa atin. Kaya ang pagbasa ng panitikan ay maaaring turingang pagbasa na rin ng kasaysayan bunga rin na ang bawat manunulat ay nakapaloob sa kanilang lipunan at kasaysayan.

¹ Caroline Hau, *Necessary Fictions in the Philippine Literature and the Nation, 1946-1980* (Ateneo de Manila University Press, 2009), 95-109.

Pinatunayan ito nina Salazar, Atienza, Ramos at Nazal² sa kanilang pagsasabing:

Ang panitikan ay kasaysayan ng kaluluwa ng mga mamamayan.

Sa panitikan nasasalamain ang mga layunin, damdamin, panaginip, pag-asa, hinaing at guniguni ng mga mamamayan na nasusulat o binabanggit sa maganda, makulay, makahulugan, matalinghaga at masining na pagpapahayag.

Inilalarawan sa panitikan ang kagandahan ng kultura ng bawat lipunan. Sa pagtalakay ng kasaysayan ng isang lahi sa masining na paraan ay tiyak na maibabahagi rito ang damdamin, saloobin, kaugalian o tradisyon ng lahing ito. Ito ang dahilan kung bakit ang kasaysayan ay nagiging panitikan, isang makatotohanang panitikan dahil hango ang mga pangyayari mula sa mga kaganapan sa lipunan. Kaya masasabing bahagi at mahalagang bahagi ng panitikan ang kasaysayan dahil ayon na rin kay Torres-Yu³, *Hindi maaaring maihiwalay ang panitikan sa pagtingin at pag-unawa sa kaligirang panlipunan.*

Ang pahayag nina Salazar⁴ at mga kasama ay kaugnay ng kaisipan mula kina Pineda at Ongoco (1972). Ayon sa kanila, *Ang panitikan ay kapatid na babae ng kasaysayan. Ang panitikan tulad ng kasaysayan ay nagtataglay ng mga ulat ukol sa mga naganap sa isang lahi at mga kaisipang dakila at marangal ng lahing ito.* Nagkakaiba lamang sa pamaraan ng pagpapahayag ang dalawa. Samantalang ang kasaysayan ay isang tuluyang naglalarawan ng mga kaganapang hubad sa damdamin at opinyon ng sumulat ang panitikan ay nagagayakan naman ng mga magagarang damit ng pagpapahayag at nakukulayan ng malikhaing guniguni ng may-akda.

May sariling panitikan ang bawat lahi na siyang kasisinagan ng kanyang kultura, kaugalian, kabihasan at tradisyon⁵. Sa pagsulat ng panitikan ng isang bansa, tuwirang naisasangkap ang kasaysayan dito. Ang mga sinaunang Maguindanaon ay may sarili ng panitikan bago pa man dumating ang mga Kastila. Mula sa mga ninuno ng pangkat na ito ang mga bugtong, pamahin, mga salawikaing bayan at mga kuwentong bayan tulad ng mga

² Lucila Salazar, Obdulia Atienza, Maria Ramos at Anita Nazal. *Panitikang Filipino. 3rd ed.* (Katha Publishing Company Incorporation. 1995), 1.

³ nasa Philippine Humanities Review, 2001,152.

⁴ Gloria, San Juan, Corazon San Juan, Rosario Mag-atas, Perla Carpio at Cabaysa, William. *Panunuring Pampanitikan.* (National Book Store Publishing Corp. 2005), 3.

⁵ Gloria San Juan, Corazon San Juan, Rosario Mag-atas, Perla Carpio at Cabaysa, William. *Panunuring Pampanitikan.*(Natonal Book Store Publishing Corp. 2005), 13.

alamat, mito at iba pa. Ang mga uring ito ng panitikan ay nagpasalin-salin sa bibig ng mga sinaunang katutubo sapagkat noong mga panahong iyon ay hindi pa natutuklasan ang pag-imprensa.

Nagpatuloy na nagpasalin-salin sa bibig ang mga sinaunang panitikan mula sa isang henerasyon patungo sa sumunod na henerasyon. Tinagurian itong oral na literaturang sumasalamin sa nakalipas na panahon ng mga ninuno, kabilang ang kultura at maging ang kasaysayan.

Magkaugnay ang kultura at kasaysayan ng anumang tribo. Maaaninag sa kasaysayan ng isang pangkat-etniko ang kulturang kinabubuhulan nito. Mahalaga ang papel na ginagampanan ng panitikan bilang tagapamansag ng kultura at tagapagbandila ng kasaysayan ng bawat lipi. Nagtataglay ito ng mga katangian ng bawat salinlahi na bahagi ng kasaysayan na sumasalamin din sa mga katangian ng kabuuang sistema ng kultura. Isinasaad dito ang kaisipan, pananaw at kaugalian ng liping nagmamay-ari nito samantalang inihahayag din ng kasaysayan ang pakikipag-ugnayan at pakikibaka sa buhay.

Sinabi ni Constantino ⁶ isang Pilipinong Historyador na, kung nais nating malaman ang mga aktibidad ng masa sa bawat panahon ng ating kasaysayan, isang pangangailangan ang matiyaga at mapanuring pagbasa ng mga dokumento at mga talang nairekord, kasama na rito ang mga panitikang bayan-akin ang diin.

To obtain a comprehensive knowledge of the activities of the masses in each period of our history will require painstaking examination of documents and all available records, including
Folklore

Naniniwala siya sa kahalagahan ng panitikan hindi lamang upang maunawaan ang kasaysayan kundi mabuo rin ito sa tulong ng mga inilalahad ng katutubong panitikan.

Dahil sa patuloy ang mabilis na pag-ikot ng mundo, unti-unti nang nakakalimutan ang kinagisnang kultura at tradisyon ng sambayanang Pilipino. Hinihigop na ng makabagong teknolohiya ang atensyon ng bawat tao at ang dating anyo ng buhay ay unti-unti nang nababaon sa limot. Ang katotohanang ito ang siyang namamayani sa kasalukuyang panahon. Ngunit ang kasaysayan sa tulong ng panitikan ay magsisilbing mga patunay sa

⁷Renato Costantino. The Philippines:A Past Revisited,(Vol 1; ISBN-13. 978-9718958001,1975) 8.

pagkakaroon ng sariling kalinangan ng ating mga ninuno. Magkatuwang ang mga ito sa pagpapaunawa sa mga mamamayan ng anumang penomenong kultural at panlipunan. Kung itinatala ng kasaysayan ang nakaraan, ang panitikan naman ay nagsisilbing tagapaglarawan at tagapag-ugnay ng nakaraang ito at ng kasalukuyan. Inilalarawan sa panitikan ang nahubog na kultura, nabuong tradisyon at ang konsepto ng kabansaan ng bawat lipunan. Ang panitikan ay nagsisilbing ilaw na walang kamatayang tumatanglaw sa kabihasan ng tao. Nasasalamín dito ang mga simulain, layunin, damdamin, kaisipan, pag-asa, hinaing, guniguni at mga pangarap ng mga tao. Sabi nga ni Jocano⁷ nasasalamín sa panitikan ang buhay at kultura ng isang lipi. Napakainam gunitain ang mga magaganda at mayayamang kaugalian at tradisyong itinuring nating mga ginintuang alaala na mula pa sa ating mga kanunu-nunuan na dapat manatiling nasa puso't isipan bilang mga tagapamansag ng tunay na kaugaliang Pilipino. Idinagdag din ni Jocano na isa rin itong tulay tungo sa mabuting pagkakapatiran ng mga tao anuman ang kanilang tribo at kulturang kinabibilangan. Masasabi ring matatag na tagapag-ugnay na panlipunan ang panitikan dahil sa nagtataglay ito ng mga kaisipan, damdamin at kaugaliang angkin ng iba't ibang kasapi ng anumang pangkat ng tao. Dahil dito, nakikilala ang kanilang identidad batay sa kulturang humubog sa kanila na nasasalamín sa panitikan.

Dahil sa multi-etnikong katangian at karanasang kolonyal ng ating bansa naging masalimuot ang sitwasyong pangwika at pampanitikan sa partikular at pangkultura sa pangkalahatan ayon kay Torres-Yu⁸ kaya't lubhang mahalaga ang pagpapayaman at pagpapanatili ng mga katutubong panitikan na matatawag na kabang-yaman ng bansa na nagsisilbing pamanang kultural. Kailangan itong linangin ng bawat mamamayang Pilipino bilang bukal ng kaalaman. Makakamit lamang ito kung pahahalagahan at ituturing na kayamanang laging mapagkukunan ng mga kaalamang huhubog sa pagkamakabayan o pagka-Pilipino ng bawat etnikong grupo mula sa tatlong malalaking pulo ng bansa-Luzon, Visayas at Mindanao.

Matatagpuan sa Mindanao ang iba't ibang etnikong grupo na may pananampalatayang Islam. Isa na rito ang mga Maguindanaon na naninirahan sa lalawigan ng Maguindanao, Cotabato at Sultan Kudarat. Kabilang ang mga Maguindanaon sa mga katutubong yumakap sa pananampalatayang Islam ngunit kaakibat pa rin ng kanilang pamumuhay ang ilan sa matatandang kaugalian na matatagpuan sa kanilang sinaunang panitikan na kinabibilangan ng mga alamat, kuwentong bayan, salaysayin at

⁷ Jocano, Landa. *Outline of Philippine Mythology*. (Centro Escolar University Press.1969), 6.

⁸ Torres-Yu, Rosario. *Alinagnag: Sanaysay ng mga Panlipunang Panunuri sa Panitikan*. (University of Santo Tomas Publishing House, 2011), 226.

iba pa. Marami na rin ang nagtangkang magsatitik ng mga ito sa layuning mapreserba ang kabang-yamang na hanggang sa ngayon ay naghihintay ng matiyagang pananaliksik upang maisatitik at maging bahagi ng panitikang pambayan. Ngunit hindi sapat na saliksikin lamang ito upang magsagawa ng isang antolohiya. Higit pa rito ang dapat gawin- ang pagmamapa mula sa mga ito ng kasaysayan at kultura ng mga Maguindanaon ang nararapat upang makilala mismo ng mga bagong Maguindanaon ang kanilang lipi, ang kanilang ugat, ang kanilang kasaysayan o ang pagbubuo ng nawawalang bahagi ng kanilang kasaysayan na maaaring matalunton sa mga oral na panitikang hindi pa naisatitik. Kaya sinikap sa papel na ito na mapagsino ang mga Maguindanaon, masagot ang katanungang paano sila inilarawan sa sarili nilang panitikan. Pagtatapat ito ng kasaysayan at panitikan ng mga Maguindanaon para malaman kung may nawawalang bahagi ng kasaysayan na matatagpuan sa mga sinaunang tudtulan ng mga Maguindanaon.

Marami na ang nagtangka at nagsagawa ng pananaliksik tungkol sa mga kaalamang-bayan ng iba't ibang katutubo sa ating bansa ngunit mangilanngilan pa lamang ang nagtuon ng kanilang pansin sa mga panitikang-bayan ng mga Maguindanaon o sa sinaunang panitikan ng pangkat na ito. Sa kabila ng katotohanan na ang tribong ito ay mayamang-mayaman din sa panitikan. Ang katotohanang ito ay nagsisilbing hamon sa mananaliksik na likumin ang kanilang mga sinaunang panitikan at isalin sa wikang nauunawaan ng lahat. Mula sa mga akdang ito ay mapupunuan ang puwang sa kasaysayan at kultura ng mga Maguindanaon na hindi naitala. Ayon pa rin kay Torres-Yu⁹ *Ang naratibo ng ating karanasan sa kritisismo ay dapat lamang na nagsasalaysay at nagsusuri ng kongkreto at mahahalagang karanasan ng Pilipino* mula sa kolektibong karanasan mismo ng mga Pilipino.

Isang magandang hakbang ito tungo sa malalimang pag-aaral at pagsusuri sa kakaibang kultura at kasaysayan ng mga Maguindanaon na masasalamin sa kanilang mga akdang pampanitikan. Sa larangan ng kasaysayan, ang pag-aaral na ito ay maaaring makapagpatunay o makapagpatotoo sa mga tala ng kasaysayan o maari rin naming makapagwasto sa mga pangyayaring naganap noong unang panahon. Makatutulong ito sa pagpupuno ng nawawalang bahagi ng kasaysayan, kung mayroon man, ng tribong Maguindanaon na makikita sa panitikan nito.

⁹ Torres-Yu, Rosario. *Alinagnag: Sanaysay ng mga Panlipunang Panunuri sa Panitikan*. (University of Santo Tomas Publishing House. 2011) 290.

Kasaysayan sa Panitikan, Panitikan sa kasaysayan ng mga Maguindanaon

Ayon kay Hamilton,¹⁰ maaring mapaghinalaan ang pagiging makasaysayan ng mga lumang salaysay, kung gayon, mapagdududahan din kung paano ito binubuo ng mga historyador. (Historicism is suspicious of the stories the past tells about itself; on the other hand, it is equally suspicious of its own partisanship). Ang kaisipang inilahad ni Hamilton ay pananaw ding inilahad ni Wake¹¹ nang sabihin niyang ang kasaysayan ay hindi tinutuklas manapa'y binubuo, sa madaling sabi, walang kakayahan ang katotohanan na ipahayag ang kanyang sarili, ang mga historyador ang pumipili at siyang nagpapakahulugan sa mga katotohanan. (History is not discovered but constructed; in other words, facts do not speak for themselves-the historian selects and interprets facts.) Sa pagbabasa ng kasaysayan gamit ang pag-aanalisa o interpretasyon ng bumabasa, maaaring makita ang pagsasanib ng obhektibo at subhektibong bahagi ng mga pangyayaring kultural at politikal sa mga naratibo. Sa kasalukuyang panahon, sa pananaw ng mga bagong historisista, mahalagang usisain kung ang mga panlipunan o kultural at politikal na pamamalagay noon ay tinatanggap pa rin sa kasalukuyang panahon at hindi upang tingnan ito kung tama o mali. Malaking tulong sa pagpoproseso ng gayong pamamalagay ang pagtatapat ng mga tekstong pampanitikan sa tekstong pangkasaysayan na ayon kay Malpas¹² ay, ang sining at panitikan ay hindi lamang sumasalamín sa mga kaisipan, paniniwala at hangarin ng isang lipunan sa obhektibong paraan; ito ay hinubog at aktibong kabahagi ng pagpapanatili at pagpapalawak nito. Katulad ng ibang diskurso, ang panitikan at kultura ay lunan din ng kapangyarihan at pakikibaka

...art and literature do not merely reflect the ideas, beliefs and desires of a society in a disinterested manner; they are shaped by them and are actively involved in sustaining or challenging them. Like any other discourse, literature and culture are sites of power and resistance...

Nagkukuwento ang panitikan. Binubuo ito ng mga naratibo o serye ng mga pangyayari na konektado sa panahon. Para sa mga tagapagsalaysay ng mga kuwentong-bayan, nabibigyan sila ng pagkakataong mapakinggan gamit ang naratibo na kinapapalooban ng kapangyarihan-kapangyarihang

¹⁰ Paul Hamilton. *Historicism* (Psychology Press, 1996), 3.

¹¹ Simon Malpas, and Paul Wake . Eds.. *The Routledge Companion to Critical Theory*. (Routledge USA and Canada, 2006), 25.

¹² nasa Malpas at Wake, 61

marinig. Ang kahalagahang panlipunan at politikal ng kanilang panahon ay naihahayag.

Bunga ng makabagong kaisipan tungkol sa relasyon ng panitikan at kasaysayan, masasabi na ang dalawang ito ay hindi mapaghihiwalay kung nais taluntunin ang nakaraan o alamin ang mga bagay-bagay na naganap sa panahong ang mga ito ay parehong sumilang. May pantay na timbang ang panitikan at kasaysayan at parehong malimit na nagbibigay-impormasyon o nagbabahaginan sa bawat isa. Dahil dito, masasabing ang pagmamapa ng mga kaganapan sa lipunan sa panitikan ay pagmamapa rin ng nasabing kaganapan sa kasaysayan at bise bersa. Ang dalawang ito ay parehong nagbibigay impormasyon tungkol sa lipunang pinagsilangan. Bagamat ang panitikan ay sinasabing likhang isip lamang ng partikular na manunulat sa kanyang panahon, sa kaso ng sinaunang panitikan, kolektibong kaisipan ang lumikha rito na makatutulong sa paghubog ng karanasang historikal na kolektibo ring naranasan ng mga salaysay nito. Sa konteksto ng papel na ito, tinutukoy ang mga kuwentong bayan ng mga Maguindanaon¹³.

Modernong panitikan man o sinauna, layunin ng mga ito na hubugin ang nasyonalismo ng mga mambabasa. Ang ilan sa mga tiyak na layuning ito ay ang mga sumusunod¹⁴ (a) Malaman ang kasaysayan ng ating lahi, ang idealismong Pilipino, ang ating pananampalataya at ang ating mga paniniwala, kultura at kaisipang panlipunan; b) Maipamalas natin ang sariling kaugalian, pananaw at kalinangan ng ating lahi; c) Maisalang-alang din natin ang mga kabayanihan, pagpapakasakit at pakikipaglaban ng ating mga ninuno upang makamtan natin ang ating kasarinlan; d) Maipakita ang mga pagbabagong naganap sa panitikan, kultura at kaugalian ng mga Pilipino sapul noong bago dumating ang mga Kastila hanggang sa kasalukuyang panahon.

Pagiging mulat sa pagkamakabansa ang tono ng mga tiyak na layunin sa pag-aaral ng panitikan na inilahad nina Santiago, Kahayon at Limdico. Maliwanag na sinasabi rito na malaking tulong ang panitikan sa pag-unawa sa kasaysayan-na maaaring may puwang sa kasaysayan na maaaring punuan ng panitikan. Sa pagsasakatuparan nito lalo na sa maaaring rekonstruksyon ng kasaysayan ng mga Maguindanaon sa pananaw ng mga katutubong Maguindanaon pinagtapat sa bahaging ito ang teksto ng panitikan (mga kuwentong bayan) at kasaysayan ng mga Maguindanaon sa panulat ng ilang historyador.

¹³ tawag sa mga katutubong yumakap sa pananampalatayang Islam.

¹⁴Erlinda Santiago, Alicia Kahayon at Magdalena Limdico. *Panitikang Filipino Kasaysayan at Pag-unlad Pang-kolehiyo* (National Book Store, 1989), xvii.

Inilalarawan ang lugar ng mga Maguindanaon sa mga Kuwentong bayang nakalap bilang payak ngunit masayahing pamayanan. Nakatira sila sa kapatagan na malapit sa tabing ilog at sa pampang ng Pulangi kaya ang ikinabubuhay nila ay pangingsda at pagtanim. May kapayapaan ang mga tao sapagkat ang lahat ng mga katutubo kabilang ang kanilang mga pinuno ay sama-samang nagsusumikap para sa kani-kanilang pamilya. Sagana sa likas na yaman ang lugar kaya madaling makapaghanapbuhay ang mga katutubo.

Sa aklat ni Abreu¹⁵ mababasang bago dumating ang Islam, namuhay ang mga katutubo sa hiwa-hiwalay, maliliit at nagsasariling pamayanan sa Mindanao na karaniwang nasa gilid ng mga ilog at sapa. Ang pamayanan at ang mga tao na nainirahan sa may sapa ng Danao ay tinatawag na Maguindanaon.

Mababasa naman sa aklat nina Fontanilla at Taloma¹⁶, ang paglalarawan sa mga Maguindanaon bilang *people of the flooded plains* o mga taong nakatira sa kapatagang na madalas binabaha. Ayon sa salaysay nina Fontanilla at Taloma, noong unang panahon bago dumating si Shariff Kabungsuwan at ang pagkadiskubre ni Magellan sa Pilipinas, mayroon ng mga katutubo na naninirahan malapit sa bunganga ng Pulangi o Mindanao River at sa mga kapatagang malapit sa mga tributaryo. Sa mga panahong iyon hanggang sa kasalukuyan ang Mindanao River ay umaapaw paminsan-minsan na nagdudulot ng pagbaha. Ang pagbaha na ito ay tinawag na Midsanao ng mga mamamayang Maguindanaon.

Long before the arrival of Shariff Kabungsuwan and the discovery of the Philippines by Magellan, there were people already living near the mouth of the Pulangi or Mindanao River and in the plains along its upper tributaries. In those days and until now, the Mindanao River overflows its bank from time to time, flooding the areas along its bank up to its mouth. These floodings are termed Midsanao by the Maguindanaon people (Fontanilla and Taloma)¹⁷

Ang paglalarawan sa anyo ng pamayanang Maguindanaon sa mga aklat kasaysayan ay nakita rin sa mga kuwentong bayan o tudtulan ng mga Maguindanaon. Karamihan sa mga kuwentong bayang nakalap ay

¹⁵ Lualhati Abreu. *Bangsamoro sa Malapitan: Pagpupunyagi sa Sariling Pagpapasya.* (Center for People Empowerment in Governance (CenPeg) 2011), 80-81.

¹⁶ Victorino Fontanilla and Juan Taloma.(Eds) *The Cultural Heritage of Central Mindanao: Folk Culture of Region XII.* (J. Dumarán Printing Press,1997), 14.

¹⁷ Fontanilla and Taloma,15.

nagsasabing nakatira ang mga Maguindanaon sa pampang ng ilog Pulangi na laging umaapaw ang tubig kaya nagmimistulang ilog ang kapatagan na kanilang tinitirhan sa tuwing bumabaha o tumataas ang tubig sa ilog.

Pagtatapat ng Kasaysayan at Tugtulan ng mga Maguindanaon

Pinagtapat ang mga kuwentong bayan ng mga Maguindanaong nakalap sa kasaysayan ng mga Maguindanaon na isinulat ng mga historyador na dayuhan at mga Pilipino. Ginawa ito upang makita ang pagtutulungan ng dalawang magkaibang teksto. Pinangkat ito ayon sa panahong bago dumating at pagdating ni Shariff Kabungsuwan.

Sistemang Politikal bago Dumating si Shariff Kabungsuwan

Noong unang panahon, may tatlong uri ng mga Maguindanaon-ang mga *datu* (maharlika), *sakop* (karaniwang-tao) at *ulipen* (alipin)¹⁸. Ganito rin ang sinabi ni Jubair:¹⁹

The pre-Islamic Moro social and political structure had three classes:the Datus or Chiefs, the commoners or citizens and the slaves. The title datu embodied both political functions and social status and extended to the incumbent ruler and all members of the ruling elite. Generally, the right to rule hinged on direct descent from the ruling class. In some instances like exceptional bravery or victory in war, a commoner could become a datu, or in the case of the slave could buy his liberty by paying a stipulated amount.

Nagsasaad lamang ito na bago pa naipalaganap ni Shariff Kabungsuwan²⁰ ang Islam sa bahaging ito ng Mindanao mayroon ng estrukturang panlipunan at pampolitika ang mga katutubo. Makaklasipika sa tatlo ang mga Maguindanaon noon, ang mga datu o timway, mga karaniwang tao at mga alipin. Ang titulong datu ay sumisimbolo sa mataas na kalagayang panlipunan at siyang may hawak ng pinakamataas na kapangyarihan na tumutuloy sa kung sino ang namumuno sa/ng lugar at sa lahat ng kaangkan ng mga namumunong maharlika. Sa pangkalahatan, ang karapatan sa pamumuno ay nagsisimula sa angkan ng mga dumatu ngunit may mga pagkakataon na ang isang karaniwang tao na may pambihirang katapangan, katalinuhan at kahusayan sa pakikidigma ay tinatanghal na pinuno o datu. Sa kaso naman ng mga ulipen, maaring bilhin ang kalayaan sa halagang

¹⁸ CCP Encyclopedia,1994, 76.

¹⁹ Jubair, Salah. *Bangsamoro: A Nation Under Endless Tyranny* (IQ Marin SDN BHD, 1999),4.

²⁰ Misyonerong Arabo na nagpalaganap ng relihiyong Islam sa Mindanao.

napagkakasunduan. Halos ganito rin ang kaisipang nilahad sa manual ng Joint Committee for Moro Concerns.

Mababasa sa inilathalang Manuwal²¹ ng Joint Committee for Moro Concerns [JCMC] (1985) ang ganito:

Ang namumuno sa baranggay ay ang datu na kabilang sa uring maginoo. Ang datu ang nangangasiwa sa seguridad, sa pagkakaisa ng komunidad at sa pakikidigma. Ang panggitnang uri ay kinabibilangan ng maharlika sa Luzon o timawa sa Kabisayaanna pinangagalingan ng mga mandirigma. Ang timawa naman sa Luzon ay nagbabayad ng buwis sa pamamagitan ng pagtatrabaho para sa mga maginoo.

Ang uring alipin o ulipon na siyang pinakamababa ang nagsasabalikat ng kalakhan ng gawaing pamproduksyon. Sila yaong mga nabaon sa pagkakautang o di kaya ay nabihag galing sa ibang lugar.[cic]

Pinamumunuan ng mga datu ang lipunang Maguindanaon bago pa man dumating si Shariff Kabungsuwan sa lugar. Inilarawan sa kanilang mga kuwentong bayan ang katangian ng kanilang mga pinuno na mabuting tao, mapagmalasakit, matalino, mapamaraan at makatwiran.

Ayon sa isang kuwentong bayang nakalap, sina Tabunaway at Mamalu ang siyang kinikilalang datu bago pa man dumating sa lugar si Shariff Kabungsuwan. Ayon kay Majul²² Nabanggit sa oral na tradisyong naging asawa ni Shariff Kabungsuwan si Putri Tonina na pinaniniwalaang nagmula sa isang kawayan at inampon ng magkapatid na Tabunaway na noo'y mga datu sa lugar. (Oral tradition says he (Shariff Kabungsuwan) married Putri Tonina, a maiden believed to have been found inside a bamboo node and adopted by brothers **Tabunaway and Mamalu, the Local chieftains**). Ayon sa ilang tarsila na tinalakay ni Saleeby:²³

Nakita siya ng magkapatid na Tabunaway at Mamalu. Si Tabunaway ang pinuno o Timway noon sa pamayanan ng Manobo-Maguindanao. Naninirahan ang grupong Manobong ito sa baybayin ng Danao, sa bukana ng ilog Pulangi na ngayon ay lungsod ng Cotabato

²¹ Joint Committee for Moro concerns (JCMC). *Ang Moro*. 1985, 6.

²² Cesar Majul. *Muslims in the Philippines*. (University of the Philippines Press, 1973), 11.

²³ Najeeb Saleeby, *Studies in Moro History, Law and Religion*. The Island Mindanao (Vol. 24 Filipiniana Book Guild, 1976), 17.

Ngunit dapat mabatid sa bahaging ito na ang impormasyon sa itaas mula kay Majul ay mula sa oral na tradisyon na tulad kay Saleeby ay mula sa isang bersyon ng kuwentong bayang kaugnay ng pagpapalaganap ng Islam sa lambak ng Pulangi, bago dumaong si Shariff Kabungsuwan mula Johore sa Natubukan sa bunganga ng ilog. Sa salaysay nina Gowing at MacAmis, Ang pangalawang dumating sa Maguindanao ay si Shariff Maraja, naging asawa niya si Paramisuli na ipinalalagay na mga magulang nina Tabunaway at Mamalu na noo'y mga pinuno sa lugar nang dumating si Kabungsuwan.

The second arrival in Maguindanao was Shariff Maraja, who married Paramisuli and was thought to have begotten Tabunaway and Mamalu, who were the chiefs of Maguindano when Kabungsuwan arrived in the land. Gowing & Mc Amis.²⁴

Patunay lamang ito na pinunuan ng kuwentong bayan ang kasaysayan ng mga Maguindanaon ayon na rin sa impormasyong nasa itaas. Bukod pa rito may katanungang naghahanap ng kasagutan sa inilahad ni Saleeby-kung sa mga kuwento ay si Mamalu ang panganay, paanong ang pamumuno ay napunta kay Tabunaway?

Sa mga kuwentong bayan na nakalap, tinutukoy doon na ang pinuno ay tinatawag na datu Ngunit sa kasaysayan lumabas na ang panumbas sa datu sa panahong wala pa ang Islam ay Timway. Ayon pa sa kanya- Halos lahat ng mga pamayanang katutubo ay may kinikilalang pinuno. Ang tawag sa pinuno ay Timway. Si Tabunaway ang huling nahirang na Timway ng mga Maguindanaon. Timway pa rin ang tawag ng mga Teduray at Manobo sa kanilang pinuno.

Every settlement of these former pagan tribes had its chief. The chief was called Timway. Tabunaway was the last timway of Maguindanao. The Teruray and the Manobos still call their chief timway.²⁵

Sa pagpapatuloy ng impormasyon mula sa kuwentong bayan, nakatira ang magkapatid na Tabunaway at Mamalu sa pampang ng ilog Tamontaka na bahagi ngayon ng lalawigan ng Maguindanao. Mabait na kapatid si Mamalu sa pagkakarawan sa kuwentong bayang *Ang magkapatid na Tabunaway at Mamalu-Sapagkat si Mamalu ang mas nakatatanda, inaalaan niya si Tabunaway*. Tinuturuan niya itong mangisda gamit ang lambat. Sa bahaging ito ng kuwentong bayan, kung si Mamalu ang nagtuturo kay Tabunaway ng

²⁴ Peter Gowing and Robert McAmis, (eds). *The Muslim Filipinos: Their History, Society and Contemporary Problems*. (Solidaridad Printing House, 1974) 186.

²⁵ Saleeby, *Studies in Moro History, Law and Religion*, 188.

mga kaalaman sa buhay, bakit siya, batay sa impormasyong galing kay Saleeby ang naging pinuno at hindi si Mamalu na malawak na ang kaalaman sa buhay?

Bukod kina Tabunaway at Mamalu, ipinakita rin ng ibang datu mula sa mga kuwento ang pagiging maparaan, mabait at makatwiran sa katauhan ni Datu Pulo sa mga kuwentong Alamat ng Buwaya at si Datu Pat-I -Mata, Kahit kamag-anak pa niya ay hindi niya kinukunsinti sa kasamaang pinaggagawa. Pinatunayan ito nang hindi pagkiling ng datu sa kapatid.

Isang araw, dahil sa hindi makatiis ang mga tao, ay pumunta sila sa karatig pook na pinamuunuan ng kapatid ng mabagsik na datu. Nagsumbong sila kay Datu Pulo sa lahat ng pinaggagawa ng kanyang kapatid. Nang marinig ng datu ang sumbong ng mga tao, pinuntahan niya si Datu Pat-I-Mata at pinagsabihan ngunit hindi pa rin nagbago ang kapatid na datu. Nag-isip si Datu Pulo ng paraan kung paano mapagbabago ang hindi magandang kalagayan ng mga taong sakop ng kanyang kapatid. Gumawa siya nng malaking kulungan na gawa sa kawayan... isinara ng datu nang mahigpit ang pintuan ng kulungan at agad na iniutos sa mga sakop niya na dalhin ang nakakulong na kapatid sa laot ng dagat.

May isa pang bersyon ng kuwentong ito, *Ang Alamat ng Pulangi (Rio Grande sa Cotabato)*, kung saan pinarusahan din ng mabuting kapatid (*Bualas*) ang kanyang kakambal (*Buad*) dahil sa hindi makatarungang pakikitungo sa mga nasasakupan nito.

Samantala, may mga kuwento ring nagtatangkakal ng babae. Hindi lamang kalalakihan ang maaaring humawak ng kapangyarihan sa sinaunang lipunang Maguindanaon, maging ang mga kababaihan ay iniluluklok din sa puwesto bilang pinuno. Sa kuwentong Datu Gadzal, inalis sa puwesto si Datu Gadzal bilang pinuno ng komunidad dahil sa nabuntis niya ang isang babaeng nasasakupan. Pinatawan siya ng parusa ng mga nasasakop kaya ang kanyang maybahay na si Bai Gundi ang itinanghal na pinuno ng kanilang lugar. Mahihinuha sa kuwentong ito na bago dumating si Shariff Kabungsuwan sa Maguindanao hindi malaking usapin kung babae o lalaki ang tinatanghal na pinuno. Hindi usapin ang kasarian sa pamumuno bagkus ang pinagbabatayan sa pagpili ng pinuno ay ang kagandahan ng kalooban, katatagan ng pagpapasya at yaong makakaakay sa mga nasasakupan sa magandang landasin sa buhay. Ipinakita ng matandang panitikan ng mga Maguindanaon na maaari ring tanghaling pinuno ang babae kung taglay niya ang mga katangiang nais ng mga nasasakupan. Kapuna-puna na sa mga aklat ng kasaysayan ay hindi gaanong nabigyan ng pansin ang pagtalakay sa

sinaunang panahon o panahon bago dumating si Shariff Kabungsuwan. Dahil dito, maaaring masabi na nakaligtaan ng kasaysayan na banggitin na patas ang tingin ng lipunan sa babae at lalaki bago dumating sa Maguindanao si Shariff Kabungsuwan. Samakatwid, walang makikitang patunay sa kasaysayan bago sumapit si Shariff Kabungsuwan na nagtatampok sa mga babae bilang pinuno. Pinatunayan din ito ng mga akademisyan na Maguindanaon na nagtuturo ng Kasaysayan sa ilang Pamantasan sa bahaging ito ng Mindanao, nang kapanayamin ng mananaliksik ang noo'y pangulo ng Cotabato Foundation College of Science and Technology²⁶, isang historyador na Maguindanaon, Dr. Maniaga P. Mantawil at Dr. Elena M. Ontok na naging propesor ng Kasaysayan sa Pamantasan ng Katimugang Mindanao²⁷. Dahil dito, masasabing may puwang sa kasaysayan na dapat punuan ng panitikan. Ang pinanggalingan ng impormasyon mula sa panitikan ay mula sa kolektibong karanasan ng mga lumikha ng kuwento na nagpasalin-salin sa bibig ng mga katutubo.

Sa matandang panitikan ng mga Manobo, ang kapatid nina Tabunaway at Mamalu na si Salabanun ay itinanghal na pinuno ng mga Manobo. Babae si Salabanun ngunit hindi naging hadlang ang kanyang pagiging babae upang tanghalin siyang pinuno. Patunay lamang ito na bago dumating si Shariff Kabungsuwan sa lugar, pantay ang pagtingin sa babae at lalaki sa matandang lipunan.

Sa kaso ni Datu Gadzal, bagamat isa siyang datu, ay hindi nakaligtas sa pagpaparusa bunga ng pagkakamaling nagawa niya. Anuman ang naging parusa ay hindi nabanggit sa kuwento. Sa unang bahagi ng kuwento ay hindi rin nabanggit ang paraan ng pagpaparusa ngunit naisaad naman na - Kapag may nagkakamali sa mga tao, hindi na sila nililitis bagkus agad silang pinapatawan ng karampatang parusa. Samakatwid, sa panahong ito, ang pagpaparusa ay hindi lamang para sa mga nasasakupan. Sakop din ng batas ng pagpaparusa ng mga katutubo ang mga pinuno tulad ni Datu Gadzal at maging ang kapatid ni Datu Pulo na nabanggit sa unahan. Sa ngalan ng batas at katarungan sa panahon ng katutubo ang lahat ay pantay-pantay sa lipunang sinauna ng mga Maguindanaon.

Makikita sa talahanayan sa ibaba ang pagkakatulad at pagkakaiba ng pagbanggit sa ilang mahahalagang tauhan at kaganapan sa mga tala ng kasaysayan at panitikan.

²⁶ Isang state college na matatagpuan sa Doruluman, Arakan, Cotabato.

²⁷ University of Southern Mindanao, Kabacan, Cotabato.

Panitikan	Kasaysayan
<p>Si Mamalu ang nakatatandang kapatid ni Tabunaway; makatwirang pinuno; namumuno sa pamamagitan ng pagbibigay-halimbawa, <i>Ang Magkapatid na Tabunaway at Mamalu</i> <i>Ang Alamat ni Shariff Kabungsuwan</i> <i>Ang Panauhin</i> <i>Si Shariff Kabungsuwan</i></p>	<p>Si Mamalu ang kinikilalang datu sa Magindanaw kasama ang kapatid na si Tabunaway bago pa man dumating si Shariff Kabungsuwan; timway ang tawag sa mga pinuno nang wala pa ang Islam. <i>(Saleeby,1976,p17;Gowing at MacAmis,1974;Majul,1973,p.11)</i></p>
<p>Si Tabunaway ang nakababatang kapatid ni Mamalu na yumakap sa pananampalatayang Islam na dala ni Kabungsuwan <i>Ang Panauhin</i> <i>Ang Magkapatid</i> <i>Si Shariff Kabungsuwan</i></p>	<p>Ipinaubaya ni Tabunaway kay Shariff Kabungsuwan ang pamumuno sa pamayanan ng Magindanaw sa kasunduang mananatili ang pagkadatu ng una. <i>(Abreu,2011,p.82)</i></p>
<p>Maaring mamuno ang isang babae sa pamayanang katutubo. <i>Ang Magkakapatid</i> <i>Si Datu Gadzal</i></p>	<p>Walang banggit sa kasaysayan na pamumuno ng babaeng katutubo</p>
<p>Inilarawan ang lugar ng mga Maguindanaon bilang payak ngunit masayang pamayanan. Nakatira sila sa kapatagan na malapit sa tabing ilog at sa pampang ng Pulangi. <i>Ang Magkapatid</i> <i>Si Shariff Kabungsuwan</i> <i>Alamat ng Burwaya</i> <i>Si Datu Gadzal</i></p>	<p>Bago dumating ang Islam sa Pilipinas, namuhay ang mga katutubo sa hiwa-hiwalay, maliliit at nagsasariling pamayanan sa Mindanao na karaniwang nasa gilid ng mga ilog at sapa. <i>(Abreu,2011,p.80)</i> Inilarawan din sa kasaysayan ang lugar ng mga Maguindanaon bilang “people of the flooded plains” mga taong nakatira sa kapatagang madalas na binabaha. <i>(Fontanilla at Taloma,1997,p.15)</i></p>
<p>Sina Tabunaway at Mamalu ay mga katutubo sa lugar bago dumating si Shariff Kabungsuwan. <i>Ang Magkapatid</i> <i>Si Shariff Kabungsuwan</i></p>	<p>Si Tabunaway at Mamalu ay mga anak nina Shariff Maraja at Paramisuli. <i>(Gowing at McAmis ,1974,p.186)</i></p>

Sistemang Politikal sa Pagsapit ni Shariff Kabungsuwan

Nang dumating si Shariff Kabungsuwan sa Maguindanao, nagsimulang mabago ang sistemang politikal o pamamahala. Nalipat sa kanya ang pinakamataas na kapangyarihan. Ipinaubaya ni Tabunaway kay Shariff Kabungsuwan ang pamumuno sa pamayanan ng Maguindanao. Sa kanyang

pagpapaubaya, hiniling ni Tabunaway na igalang ng Shariff at ng mga susunod na henerasyon ang prebilehiyo bilang datu 28. Sa tala ni Majul-

Tinatayang taong 1515 nang dumating si Shariff Kabungsuwan sa pampang na paliguan ng mga katutubo, sa hilagang bahagi ng Pulangi. Sa tradisyong oral, sinasabing pinakasalan niya si Putri Tonina, isang babae na pinaniniwalaang natagpuan ng magkapatid na Tabunaway at Mamalu sa loob ng kawayan at kanilang inampon, Ang magkapatid na Tabunaway at Mamalu ang noo'y mga pinuno sa lugar.

In 1515, Shariff Kabungsuwan was estimated to have landed at Payguan (bathing Place) at the northern bank of the Pulangi (river). Oral tradition says he married Putri Tonina, a maiden believed to have been found inside a bamboo node and adopted by brothers Tabunaway and Mamalu, the local chieftain) Majul.²⁹

May nakuhang tala mula sa panitikan na nagsasabing si Putri Tonina ay nanggaling sa loob ng isang kawayan. Sa kuwento, ganito ang diskurso-

...sa mga sandali ring iyon, ang kanyang kapatid na si Tabunaway na noo'y nasa malapit na kakahuyan ay nakatagpo ng isang babae na nagmula sa loob ng kawayan na kanyang biniyak. Gusto niyang tumakbo ngunit may kakaibang kapangyarihan na hindi nagpakilos sa kanya at napatigil na lamang siya sa kanyang kinatatayuan. Ang babaeng natagpuan ni Tabunaway ay si Putri Tonina na siyang magiging asawa ng unang sultan ng Mindanao. (Alamat ni Putri Tonina)

Nabanggit din sa isang kuwentong bayan na ang kapatid na babae nina Mamalu at Tabunaway na si Putri Salabanun ang siyang pinaniniwalaang kanunu-nunuan ng mga Manobo. Samantala ang naitala ni Majul sa kasaysayan ay mula sa kuwentong nababalutan ng pantasya. Sa isang kuwentong bayan din na may katulad na paksa, si Putri Tonina na pinaalagaan lamang sa magkapatid na Mamalu at Tabunaway mula noong ito'y sanggol pa lamang ay kapatid ni Shariff Kabungsuwan na pinaghiwalay ng mga kaanak sa pangunguna ni Shariff Maraja.

Ang taon na binanggit sa itaas mula kay Majul, 1515 ay pagtaya lamang sa panahong dumating si Shariff Kabungsuwan sa Mindanao at nagpapatunay na sina Tabunaway at Mamalu nga ang mga pinuno sa lugar bago pa dumating si Kabungsuwan. Ngunit ayon nga sa isang kuwentong bayan

²⁸ Lualhati Abreu. *Bangsamoro sa Malapitan: Pagpupunyagi sa Sariling Pagpapasya*. (Center for People Empowerment in Governance (CenPeg) 2011), 82.

²⁹ Cesar Majul. *Muslims in the Philippines*. (University of the Philippines Press, 1973), 13.

(Alamat ni Shariff Kabungsuwan) isinasaad dito na darating ang panahon na magkakaroon ng bagong pinuno na siyang magiging *unang Sultan ng Mindanao*. Ang iba pang mga kasunod na pahayag ay nagmula pa rin sa oral na tradisyon. Nakatutok ang pagdating ng mga tagalabas sa pagdating ni Shariff Kabungsuwan, ngunit ayon sa kuwentong “*Ang Pinagmulan ni Kabungsuwan*,” Si Shariff Maraja, ang bapa (tiyuhin) ni Kabungsuwan ang unang nakarating dito sa Mindanao. Ayon naman kina Gowing at McAmis³⁰ na masasabing hango din sa kuwentong bayan- Sa panitikan ng mga Maguindanaon maging sa mga nakasulat na tala, sinasabing bago nakarating si Shariff Kabungsuwan sa lugar ay nauna munang dumating sina Shariff Awliya at Shariff Maraja. Si Shariff Awliya ay pinaniniwalaang kaanak at hinalinhan ni Kabungsuwan. Ang kanyang kasaysayan ay nababalot ng hiwaga ng mito. Sinasabing pinadpad siya ng hangin dito sa Mindanao sa paghahanap ng paraiso, Nang mapagawi siya sa burol ng Tantawan na ngayo’y Cotabato may nakita siyang isang hawri o magandang dalaga na pinaniniwalaang pinadala ng langit para sa kanya. Pinakasalan niya ang dalagang ito at nagkaanak sila ng isang babaeng pinangalanang Paramisuli. Di naglaon, bumalik siya sa silangan, naiwan ang kanyang mag-ina sa Maguindanao.

Ang pangalawang dumating sa Maguindanao ay si Shariff Maraja, pinakasalan niya si Paramisuli at pinaniniwalaang naging supling nila sina Tabunaway at Mamalu na noo’y mga pinuno ng Maguindanao nang dumating si Kabungsuwan sa lugar.

The traditions of Maguindanao and its written records state that Shariff Kabungsuwan was preceded by two pioneers, the first of whom was Shariff Awliya. Awliya was universally regarded as a relative and a predecessor of Kabungsuwan. His history is wrapped in myths. He is said to have come to Mindanao in the air to search paradise, or that part of it which remained in Mindanao and when he was looking for it on the hill of Tantawan (Cotabato), to have found a houri who was sent to him from heaven. He married this houri and she bore him a daughter called Paramisuli. Later the Shariff returned to the west but his wife and daughter remained in Maguindanao.

The second arrival in Maguindanao was Shariff Maraja, who married Paramisuli and was thought to have gotten Tabunaway and Mamalu who were the chiefs of

³⁰ Peter Gowing and Robert McAmis, (eds). *The Muslim Filipinos: Their History, Society and Contemporary Problems*. (Solidaridad Printing House, 1974) 186-187.

Maguindanao when Kabungsuwan arrived in the land.
Gowing at McAmis (1974, p.187)

Ayon sa tala nina Gowing at MacAmis sa ikalawang talata sa siping nasa itaas, ang magkapatid na Tabunaway at Mamalu ay mga anak ni Shariff Maraja na nagangahulugang magkadugo sila ni Kabungsuwan na tinukoy na unang sultan ng Mindanao. Sa mga kuwentong bayang nakalap, lima ang nagsasabing mga katutubong taga-Mindanao sina Tabunaway at Mamalu. Sa kuwentong bayang Ang Alamat ni Shariff Kabungsuwan, hindi binyagan sina Tabunaway at Mamalu na ngangahulugan lamang na wala silang relasyon sa dugo ni Kabungsuwan dahil kung magkadugo sila, dapat sana ay binyagan na ang magkapatid sa pananampalatayang Islam. Sa kuwentong *Ang Panauhin* nakasaad na-

Noong unang panahon, payapang namumuhay at nabubuhay ang magkakapatid na sina Tabunaway, Mamalu at Putri Salabanun sa isang pamayanan na malapit sa tabing ilog.

May pagtutol ang naratibo sa itaas sa pagtuturing na anak ng isang shariff ang magkapatid at sa pagtuturing na kapatid na babae nina Tabunaway at Mamalu si Putri Tonina na ipinaampon sa kanila ni Shariff Maraja. Ang kapatid na babae nina Tabunaway at Mamalu sa kuwento sa itaas ay si Putri Salabanun, bilang pagpapatuloy ng kuwento, nakasaad na-

...sa tatlong magkakapatid, tanging si Tabunaway ang yumakap sa pananampalatayang Islam. Si Mamalu ay nanatili sa pagiging Teduray habang si Putri Salabanun naman ay umalis sa kanilang lugar hanggang sa mapadpad siya sa isang pamayanan na kung tawagin ay pamayanan ng mga Manobo at doon siya ang naghari.

Ang diskurso sa unang naratibo at sa ikalawang naratibo ay naghahayag na ang tatlong magkakapatid ay lehitimong mga katutubo at hindi nagmula sa angkan ni Shariff Maraja sapagkat tanging si Tabunaway lamang ang malayang nagpabinyag sa Islam at malaya ring nakapagpasya sina Mamalu at Putri Salabanun sa anumang tatahaking uri ng buhay- Si Mamalu, bilang pinuno ng mga Teduray at si Salabanun bilang pinuno ng mga Manobo.

Ganito ang pahayag sa kuwentong Si Shariff Kabungsuwan-

Bago siya (Mamalu) umalis, nag-usap muna sila ni Tabunaway sa ilalim ng isang puno na tinuringang Daubab. Doon, nangako sila sa isa't isa na habang buhay na magtutulungan at magbabahaginan ng anumang biyaya na mapapasakamay ng bawat isa. Bago sila

naghiwalay, nagsalo silang kumain sa iisang ubab. Si Tabunaway ang pinagmulan ng mga Maguindanaon samantalang si Mamalu ang pinagmulan ng mga Teduray.

Isa pang kuwento ang umayon na sina Tabunaway at Mamalu ang kinikilalang mga datu sa lugar nang dumating si Shariff Kabungsuwan.

Nang dumating si Shariff Kabungsuwan sa Kamindanawan, nadatnan niya dito na ang mga kinikilalang mga datu ay sina Tabunaway at Mamalu na natuklasan niyang walang kinikilalang Diyos...Ito ang dahilan kung bakit si Tabunaway lamang ang naging Muslim at nanaliting nitibo o katutubo si Mamalu.

Samantala, mula sa kuwentong, “Ang Magkapatid na Tabunaway at Mamalu”, ganito ang sinabi-

Noong unang panahon may dalawang magkapatid na nakatira sa pampang ng ilog Tamontaka na ngayo’y bahagi na ng lalawigan ng Maguindanao. Ang pangalan ng mas nakatatanda ay si Mamalu at ang nakababata ay si Tabunaway. Sapagkat si Mamalu ang mas nakatatanda, inaalagaan niya si Tabunaway. Tinuruan niya itong mangisda gamit ang lambat at tinuruan din itong mangaso.

Tanging isang kuwentong bayan lamang ang umayon sa pagsasabing kadugo ng magkapatid na Tabunaway at Mamalu si Shariff Kabungsuwan, ito ang kuwentong “Ang Pinagmulan ni Kabungsuwan.” Ngunit magkakaiba man ang bersyon ng mga kuwentong nakalap, nagtataglay naman ang mga ito ng parehong kaisipan at paniniwala kung sino sina Tabunaway at Mamalu. Sila ang mga katutubo sa Mindanao na namumuno sa kanilang lugar bago pa man dumating ang mga taga kanluran na ayon kay Saleeby ay pinangunahan nina Shariff Awliya at Shariff Maraja ang pagpapalaganap ng Islam.

Si Tabunaway na yumakap sa pananampalatayang Islam ang siyang naiwang pinuno sa mababang lugar ng Maguindanao samantalang umakyat naman sa bundok si Mamalu. Matutunghayan sa kuwento na bago tuluyang umalis si Mamalu, winika niya kay Tabunaway ang ganito-

“Malaki ka na Tabunaway, may sarili ka ng isip. Nagawa ko na ang dapat kong gawin sa iyo bilang nakatatandang kapatid mo. Kung paano ko naiintindihan ang buhay, itinuro ko iyon sa iyo. Bilang kapatid mo, irerespeto ko ang iyong desisyon kahit kaiba sa aking

pinaniniwalaan. Ngunit ang hiling ko lamang, sana ay wala ako dito kung pupunta dito ang estrangherong gusto mong makita. Malaya kang makipagkaibigan sa kanya, tutungo ako sa lugar na kung saan malaya ko ring magagawa ang dating nakasanayan kong gawin, ang mga pinaniniwalaan kong tama.” At itinuro ni Mamalu ang kabundukan.

Ngunit sa aklat ng kasaysayan hindi si Tabunaway ang nanatiling pinuno sa lugar kundi si Shariff Kabungsuwan.

Ipinaubaya ni Tabunaway kay Shariff Kabungsuwan ang pamumuno sa pamayanan ng Maguindanao. Sa kanyang pagpapaubaya, hiniling ni Tabunaway na igalang ng Shariff at ng susunod na henerasyon ang prebilehiyo bilang datu. Dito nagsimula ang sinasabing angkang dumatu na pinagmulan ng angkang ng mga Maguindanaon sa kanilang tarsila.

Ang salitang dumatu ay anyong pandiwa sa hinaharap ng salitang datu. Ang datu ay pununo ng isang pamayanan o barangay ng mga katutubo. Ang pamayanan ng mga katutubo na pinamumunuan ni Tabunaway ay tinatawag na Maguindano³¹

Ang pagpapaubayang iyon ni Tabunaway kay Shariff Kabungsuwan ay hindi kaya pagpapatunay lamang na si Mamalu ang siyang namamahala sa kanilang lugar? Batay na rin sa mga kuwentong bayan, matatag na tao si Mamalu na hindi basta na lamang isinusuko ang pananampalatayang katutubo para sa relihiyong Islam. Sa halip na isuko ito ay namundok siya bilang pagbibigay respeto na rin sa nakababatang kapatid na si Tabunaway sa naging desisyon ng huli, o maaari rin kayang ang pagpapaubaya ni Tabunaway ay naaayon sa sinabi nina Fontanilla at Taloma ³²tungkol sa mga sinaunang Maguindanaon na- Ayon sa kanila, Ayaw ng mga pinuno na tawagin silang datu kahit kabilang sila sa mga dugong-bughaw. Hindi mahalaga sa kanila ang titulong datu kahit na angkop naman ang ganitong pantawag, naniniwala sila na magkakapantay-pantay silang lahat dahil parepareho silang mga dugong-bughaw. Ayaw nilang tumanggap ng responsibilidad na pamunuan ang mga tao dahil naniniwala sila na may mga tao na magiging kalaban ng pinuno kapag hindi masisiyahan ang mga ito sa palakad ng pinuno, ayaw nilang maging masama sa paningin ng kahit sino.

³¹Lualhati Abreu. *Bangsamoro sa Malapitan: Pagpupunyagi sa Sariling Pagpapasya*. (Center for People Empowerment in Governance (CenPeg) 2011), 83.

³²Victorino Fontanilla and Juan Taloma. (Eds) *The Cultural Heritage of Central Mindanao: Folk Culture of Region XII*. (J. Dumarang Printing Press, 1997), 14

...they don't welcome the idea of calling them datu even if they were also of royal blood. They were not interested in addressing others as datu even if deserving, because they believe they were on equal footing in terms of blood royalty. They refused to accept the responsibility of ruling the people because they believed that some of the subjects become enemy to the ruler if they were not pleased and they certainly didn't like to displease anyone.³³

Ang tala mula kina Fontanilla at Taloma ay maaaring ipagpakahulugang may maayos na pagsusunuran at pagbibigayan sa lipunang Maguindanaon noong mga panahong iyon. Hindi mahalaga sa kanila na makilala bilang pinuno sa pangalan lamang sapagkat naniniwala sila sa pagkakapantay-pantay ng mga dugong bughaw. Sila ang mga taong ayaw makasakit sa iba dahil ayaw nila na magkaroon ng kaaway.

Sa kuwentong *Alamat ni Shariff Kabungsuwan*, matutunghayan ang ganito-

Nagpakasal sina Shariff Kabungsuwan at Putri Tonina at nagtatag ng Maguindanao Sultanate na nagpakilala ng pagbabagong politikal sa bansa hanggang sa ito ay maging republika. Matatalunton ng mga tinatawag na blue-blooded Maguindanaon's ang kanilang kanunununan mula kay Shariff Kabungsuwan.

Ayon pa kay Majul, sa pamamagitan ng pag-aasawahan ng mga babaeng S'langan, nakapagpalawak at nakabuo ng dinastiya si Shariff Kabungsuwan.

It was through marriages with ladies from S'langan or its nearby areas and because their capital was called Maguindanao, that the male descendants of the Shariff Kabungsuwan became a Maguindanao dynasty and came to be called so.³⁴

Ang naratibo sa taas ay tumutugma sa sinabi ni Abreu-

...sa pamamagitan ng pag-aasawa sa mga pamayanan pababa sa lambak, nakapagpalawak ang sultanato ng Maguindanao.

Tulad ng ginawa ng Shariff sa Maguindanao, nag-asawa rin siya (Kabungsuwan) ng anak ng datu sa Malabang. Isang pamayanang Iranun. Naging asawa niya

³³ Victorino Fontanilla and Juan Taloma. (Eds) *The Cultural Heritage of Central Mindanao: Folk Culture of Region XII*. (J. Dumarán Printing Press, 1997), 14

³⁴ Cesar Majul. *Muslims in the Philippines*. (University of the Philippines Press, 1973), 67.

rito si Agintabu at nagkaroon ng anak na si Saripada Makaalang na nagkaroon naman ng anak na si Shariff Bangkaya na nakapangasawa ng anak ng datu sa S'langan na isang pamayanang Iranun patungo sa Cotabato.³⁵

Pagpapalawak ng kapangyarihan ang namayani sa lugar sa ilalim ng pamumuno ni Kabungsuwan. Nakaangkin ng kapangyarihan sa lugar ang grupo ni Kabungsuwan dahil nakapag-asawa sila ng mga katutubo na mula sa mga pamilyang naghahari ³⁶. Nagsimula ang dinastiya sa Maguindanao mula sa kalalaking inanak at inapo (descendants) niya.

Sa pagyakap sa Islam na hindi lamang relihiyon kundi kompletong paraan ng pamumuhay, naging matatag ang ugnayan ng mga Maguindanaon at Iranun dahil sa nabuong pagkakaisa at katapatan ng bawat isa. Kaya nang magtangkang sumakop ang mga Kastila sa bahaging ito ng Mindanao, may nabuo ng sultanato at nagsanib-puwersa ang dalawang pangkat.

With the introduction of Islam which is not only religion but complete way of life itself, the unity and loyalty of the Maguindanaons and Iranuns became stronger. So, when the Spaniards arrived, the Maguindanaons and Iranuns had already well-established their sultanate government.³⁷

Ganito naman ang salaysay mula sa kuwentong bayan-

Matuling lumipas ang panahon, malalaki na ang mga anak nina Putri Tonina at Kabungsuwan...Nakarating siya (Kabungsuwan) sa Malabang at dito naging asawa naman niya si Agintabo na isang nitibo/katutubo. Nagkaroon sila ng anak, Bangkaya ang pangalan nito. Nag-asawa si Bangkaya...ng hindi dugong Maharlika...na pinaniniwalaang B'laan.

Kung pagbabatayan ang kasaysayan mula sa panulat ni Abreu³⁸, may hindi nabanggit ang panitikan-ito ang tungkol kay Saripada Makaalang na sinasabing ama ni Bangkaya, Sa oral na panitikan sinasabing anak ni Kabungsuwan at ni Agintabo si Bangkaya na nakapangasawa ng isang B'laan na hindi nabibilang sa dugong Maharlika. Ngunit mula sa kasaysayan, ang

³⁵ Lualhati Abreu. *Bangsamoro sa Malapitan: Pagpupunyagi sa Sariling Pagpapasya*. (Center for People Empowerment in Governance (CenPeg) 2011), 82.

³⁶ Joint Committee for Moro concerns (JCMC). *Ang Moro*. 1985, 7.

³⁷ Victorino Fontanilla and Juan Taloma. (Eds) *The Cultural Heritage of Central Mindanao: Folk Culture of Region XII*. (J. Dumarang Printing Press, 1997), 16.

³⁸ Lualhati Abreu. *Bangsamoro sa Malapitan: Pagpupunyagi sa Sariling Pagpapasya*. (Center for People Empowerment in Governance (CenPeg) 2011), 82-82.

babaeng naging asawa ni Bangkaya ay mula sa pamayanang Iranun at anak ng isang sultan. Samantala, walang nabanggit sa kung anong grupo nabibilang ang naging asawa ni Saripada Makaalang.³⁹

Sa panahon ni Shariff Kabungsuwan, siya ang kinikilalang nagtatag ng mga pamayanang Muslim sa lugar. Nanguna siya sa pagbuo ng alyansa ng mga angkang Maguindanao at Iranun para mapalawak ang erya o sakop at maparami ang mga naniniwala sa Islam na maaaring ipakahulugan na ang higit sa isang pag-aasawa na nagsimula sa panahong iyon ay upang magparami ng lahing yayakap sa pananampalatayang Islam. Sa panahon ding ito lumutang na ang mga dugong bughaw ay para lamang sa dugong bughaw tulad na lamang ng nangyari kay Bangkaya na itinago ang tunay na pagkatao ng naging asawa dahil hindi kabilang sa mga dugong bughaw. Sa pagpapalawak ng kapangyarihan naging kapanalig ng mga katutubong Maguindanaon ang mga Iranun dahil sa pag-aasawahan. Ayon kay Fontanilla at Taloma, Ang mga Maguindanaon at Iranun ay dalawang magkaibang pangkat-etniko ngunit maaaring sabihing isa dahil bukod sa pag-aasawahan ay marami silang mga katangiang magkakatulad.

Actually, the Maguindanaons and the Iranuns are two separate ethnic tribes, but they could be considered as one because they have so many things in common. They intermingled and intermarried.⁴⁰

Mahalaga ang naging papel ng mga Iranun sa pagtatag ng sultanato ng Maguindanao. Sa isang bersyon ng kuwento ng Islamisasyon sa Mindanao, unang dumaong si Shariff Kabungsuwan sa Malabang. Ayon kay Hurley⁴¹, ito ay daungang ginamit ng mga Moro sa pakikipagkalakalan sa mga taga-Borneo at Celebes, ilang siglo bago dumaong ang mga Espanyol sa Pilipinas. Sa lugar, napangasawa ni Shariff kabungsuwan si Agintabu na anak ni Datu Makaapen. Ang naging anak nina Shariff Kabungsuwan at Agintabu ay si Saripada Makaalang na sumunod sa ama sa pamumuno sa lumalawak na pamayanang Muslim sa baybayin ng Illana Bay.

Sa isang bersyon ng kuwentong bayan, sinasabing nauna munang makarating si Shariff Kabungsuwan sa pampang ng Pulangi sa layuning hanapin ang kanyang mapapangasawa. Nakita at naging asawa nya rito si Putri Tonina na kapatid ng dalawang datu-si Tabunaway at Mamalu. Nagkaroon sila ng tatlong anak. Sa hindi inaasahang pangyayari, natuklasan

⁴⁰. Victorino Fontanilla and Juan Taloma. (Eds) *The Cultural Heritage of Central Mindanao: Folk Culture of Region XII*. (J. Dumarán Printing Press, 1997), 15.

⁴¹ Victor Hurley. *Swish of the Kris: The Story of the Moros*. (E.P. Dutton and Company, Inc., 1936), 191-193.

ni Shariff Kabungsuwan na ang kanyang asawang si Putri Tonina ay kanya palang kapatid kaya nagpasyang magpakalayo-layo at napadpad nga sa Malabang kung saan dito niya nakilala at naging asawa si Agintabu.

Sa isang bersyon naman ng kasaysayan mula sa panulat nina Gowing at McAmis, ganito ang matutunghayan;

Soon after Kabungsuwan established his power in Maguindanao he received the submission of many chiefs, all of whom he converted to Islam. Later, he advanced up the valley to Buwayan and along the coast to Malabang. Some believed that he went to the Ranao country but it is difficult to support all the statements made. His descendants and his converts carried on the war and the conversion, so that before the Spaniards reached the country, their conquest and conversion had reached the present limits.

...but true to his religion as he was also true to his ancestry, his faith suffered no defeat. No submissions were accepted without conversion and no friendship was cultivated with the unfaithful. He married in the land of his conquest and the ties of faith were soon strengthened by the ties of blood and kinship and as the first generation passes and the second generation followed, the conqueror and the conquered became one in blood and sympathy, one in faith and one in purpose. A new dynasty which stood for Islam, for progress and for civilization arose on the ruins of barbarism and heathenism. Savage and fierce as the Moros look, they are greatly superior to the surrounding pagans who inhabit the hills and the interior of Mindanao⁴²

Ang pahayag sa itaas ay pinatunayan ng isang tagpo mula sa kuwentong bayang “*Ang Pinagmulan ni Shariff Kabungsuwan*”, kung saan mahihiwatigan ang pagging dominante ng Shariff-

...agad nilang ipinagbigay -alam sa mga datu ang kanilang nakita,

Sabi ni Tabunaway “Balikan Ninyo!” bumalik ang mga sakop. Nagtaka sila kasi habang papalapit na sa kanila ang bangkang hugis kawa na sinasakyan ni Kabungsuwan, kumakaway si Kabungsuwan na para bang nang-iimbita

⁴²Peter Gowing and Robert McAmis, (eds). *The Muslim Filipinos: Their History, Society and Contemporary Problems*. (Solidaridad Printing House, 1974) 189.

at nagsasabing pumunta kayo dito. Natakot ang mga tao, may mga nangamatay sa tindi ng takot. Dahil sa pangyayari, napilitang pumunta sina Tabunaway at Mamalu sa lugar na iyon. Naging magkaibigan sila, pinatuloy ng mga datu ang bagong salta sa kanilang tahanan.

Nakita rin ang ganitong katangian ni Kabungsuwan sa kuwentong “*Ang Panauhin*”

...naging palaisipan sa magkakapatid (Mamalu, Tabunaway at Salabanun_ ang katauhan ng lalaking ito (Kabungsuwan), kaya nag-isip sila ng paraan para makita ito ng personal. Sinadyang magdaos ng kanduli at pinaanyayahan si Shariff Kabungsuwan. Pumayag si Shariff ngunit sa kondisyong pagsasalitain siya sa harap ng madla.

Sa pangyayaring isinasaad sa naratibo, bilang respeto sa panauhin, ipinasya ng magkakapatid na Mamalu, Tabunaway at Salabanun na magdaos ng kanduli para lamang makita at makilala ang taong bukambibig ng mga tao sa kanilang pamayanan. Kakaiba ang naging sagot ng estranghero, may tono ito na kung hindi siya pagsasalitain sa harap ng madla ay hindi pauunlakan ang paanyaya na nagpapakita lamang ng pagiging dominante ng huli, Sa halip na siya ang makibagay sa mga tao sa lugar tila siya pa ang nagpaparating ng mensahe na siya ang pakibagayan. Mahihinuha dito na madali lamang niyang nasakop sa larangan ng pananampalataya at pamumuno ang mga dinatnan dahil bukod sa pagiging dominante ay taglay din niya ang katangian ng isang makarismatikong pinuno.

Sa pagsapit ni Kabungsuwan, nabago ang ilan sa dating kinagisnang sistemang politikal tulad ng pagbabawal sa pamumuno ng isang babae na isa sa mga katuruan ng relihiyong Islam. Itinuturo ng relihiyong ito na hindi maaaring tanghaling pinuno ang isang babae, ni hindi siya maaaring manguna sa dasal kung may lalaki sa pagtitipon. Lalaki ang makapangyarihan, hindi kailanman magiging pantay ang kalayaan at karapatang natatamasa o maaaring tamasahin ng babae at lalaki sa harap ng lipunang Islam ang niyayakap na pananampalataya. Lalaki ang nakapangyayari at laging lalaki ang itnatanghal na bayani. Ito marahil ang dahilan kung bakit ang mga babaeng pinuno sa panitikan at kasaysayan bago sumapit si kabugsuwan ay hindi nabigyan ng diin at pagpapahalaga.

Konklusyon

Matapos na pagtapatin ang mga diskursong pampanitikan sa diskursong pangkasaysayan higit na nabigyang linaw ang ugnayan ng panitikan at kasaysayan. Masasabi kung gayon na may sarili nang kalinangan at sistemang politikal at panlipunan ang mga Maguindanaon bago pa man dumating sa kapuluan ang Islam na malinaw na nakita mula sa mga kuwentong bayan maging sa mga aklat kasaysayan. Mula rin sa panitikan ay nakilala ang ugat ng mga Maguindanaon na binanggit din sa kasaysayan. Sa diskursong ito, muling napatunayan ang pahayag na; matalik na magkaugnay ang panitikan at kasaysayan. May bahagi ng kasaysayan na pinunuan ng panitikan at bise bersa. May bahagi rin naman ng dalawang teksto na nabigyang linaw ng bawat isa. Maaring sabihin kung gayon na ang mga historyador noon ay kumuha ng talang pangkasaysayan mula sa sinaunag panitikan ng mga Maguindanaon upang mapunuan ang puwang sa kasaysayan. Maaari ring mahinuha na ang panitikang Maguindanaon ay possible ring naimpluwensiyahan ng mga kaisipang dayuhan sa kanilang kultura sa paglipas ng panahon dahil sa pasalin-salin lamang ito sa bibig ng taong-bayan.

Sanggunian

- Abreu, Lualhati. *Bangsamoro sa Malapitan: Pagpupunyagi sa Sariling Pagpapasya*. UP Diliman, Quezon City: Center for People Empowerment in Governance (CenPeg), 2011.
- Aguilar, Marlene. *Myths and Legends of the Philippines*, vol.II. Quezon City: JAMAYCO Incorporation, 2007.
- Arrogante, Joey. *Mapanuring Pag-aaral ng Panitikang Pilipino*. Manila: National Book Store, Inc., 1991.
- Barry, Peter. *Beginning theory. An introduction to Literary and Cultural Theory*. Manchester and New York: Manchester University Press, 2002.
- Bennett, Andrew and Nicholas Royle. *An Introduction to Literature, Criticism and Theory*, 2nd ed. England: Prentice Hall, 1999.
- Che Man, Wan Kadir. *Muslim Separatism: The Moros of Southern Philippines and the Malays of Southern Thailand*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1990.
- Corpuz, Onofre. *The Roots of the Filipino Nation*. Quezon City: UP Press, 1999.
- Costantino, Renato. *The Philippines: A Past Revisited*, Vol 1; ISBN-13. 978-9718958001, 1975
- Damiana, Eugenio. (Compiler & Editor). *Philippine Folk Literature: The Folktales*. Diliman Quezon City: UP Press, 2001
- Diaz, Patricio. *Understanding Mindanao Conflict*. Davao City: Mindanao News and Information Cooperative Center, 2003.
- Dollimore, Jonathan and Alan Sinfields. *Political Shakespeare: New Essays in Cultural Materialism*. 2nd Edition. Manchester: Manchester University Press, 1994.
- Felmin, Haron . *Cultural Jewels: Moro Traditional and Political Leaders*. Cotabato City: Autonomous Region in Muslim Mindanao, 2008

- Fontanilla, Victorino and Juan Taloma. (Eds) *The Cultural Heritage of Central Mindanao: Folk Culture of Region XII*. Isulan Sultan Kudarat: J. Dumarán Printing Press, 1997.
- Glang, Alunan. *Muslim Secession or Integration?*. Quezon City: R.P. Garcia Publishing Company, 1969.
- Gowing, Peter. *Muslim Filipinos—Heritage and Horizon*. Quezon City: New Day Publisher, 1979.
- _____. *Mandate in Moroland: The American Government of Muslim Philippines, 1899-1920*. Quezon City: New Day Publisher, 1983.
- Gowing, Peter and Robert, McAmis, (eds). *The Muslim Filipinos: Their History, Society and Contemporary Problems*. Manila: Solidaridad Printing House, 1974.
- Hamilton, Paul. *Historicism*. Psychology Press, 1996.
- Hau, Caroline. *Necessary Fictions in the Philippine Literature and the Nation, 1946-1980*. Loyola Heights, Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 2009.
- Hayase, Shinzo. *Mindanao Ethnohistory Beyond Nations*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 2003.
- Hurley, Vic. *Swish of the Kris (the story of the Moros)*. New York: E.P. Dutton and Co. Inc., 1936
- Ileto, Reynaldo. *Magindanao: 1860-1888) The Career of Datu Utto of Buayan*. Pasig City: Anvil Publishing, Incorporation, 2007.
- Jocano, Landa. *Outline of Philippine Mythology*. Manila: Centro Escolar University Press, 1969.
- Joint Committee for Moro concerns (JCMC). *Ang Moro*. Lungsod ng Marawi. 1985.
- Jubair, Salah. *Bangsamoro: A Nation Under Endless Tyranny*. Kuala Lumpur, Malaysia: IQ Marin SDN BHD. 1999.
- Kottak, Conrad. Phillip. *Mirror of Humanity*. New York: Mc Graw Hill. 2007.

- Lumbera, Bienvenido. *Filipinos Writing: Philippine Literature from the Regions*. Manila: Anvil Publishing Inc.2001.
- McKenna, Thomas. *Muslim rulers and rebels*, regents of the University of California, USA, Manila: Anvil Publishing Inc.1998.
- Majul, Cesar. *Muslims in the Philippines*. Diliman Quezon City: University of the Philippines Press. 1973..
- Malpas,Simon and Paul Wake. Eds. *The Routledge Companion to Critical Theory*. Newyork: Routledge USA and Canada.2006.
- Muslim, Macapado . *The Moro armed struggle in the Philippines:The Non-violent Autonomy Alternative*. Marawi City. MSU University Press and Information Office.1994.
- Pineda, Ponciano, G. Pineda, at Tomas Ongoco. *Ang Panitikang Pilipino sa Kaunlarang Bansa*, Pandalubhasaaan. Kalookan City: National Book Store. 1979.
- Nuncio, Rhoderick at Elizabeth Morales-Nuncio. *Sangandiwa Araling Filipino bilang Talastasang Pangkalinangan at Lapit Pananaliksik*. Manila: University of Santo Tomas Publishing House. 2004.
- Ramos, Fidel. *Break Not the Peace: The Story of the GRP- MNLF Peace Negotiations,1992-1996*. Manila: Friends of Steady Eddie.1996.
- Rodil, Rudy. *Kalinaw Mindanaw: The Story of the GRP-MNLF Peace Process.1975-1996*. Davao City: Alternate forum for Research in Mindanao (AFRIM) 2000.
- _____. *The Minoritization of the Indigenous Peoples of Mindanao-Sulu*. Davao City: AFRIM,1994.
- _____. *The Resistance and Struggle of the Tribal Peoples of Mindanao. 1903-1935*. Mindanao Focus Journal. Davao City: AFRIM,1979
- Salazar, Lucila, Obdulia Atienza, Maria Ramos at Anita Nazal. *Panitikang Filipino. 3rd ed*. Quezon City: Katha Publishing Company Incorporation. 1995.

- Saleeby, Najeeb. *Studies in Moro History, Law and Religion*. Manila: Bureau of Printing. 1974.
- _____. *Studies in Moro History, Law and Religion*. The Island Mindanao. Manila: Vol. 24 Filipiniana Book Guild.1976.
- San Juan, Gloria, Corazon San Juan, Rosario Mag-atas, Perla Carpio at Cabaysa, William. *Panunuring Pampanitikan*. Manila: Natonal Book Store Publishing Corp. 2005.
- Santiago, Carmen. at Virgilio Enriquez. *Tungo sa Makapilipinong Pananaliksik. Sikolohiyang Pilipino Teorya, Metodo at Gamit*. Rogelia Pe-Pua.Rev. ed.1989. Lungsod Quezon: University of the Philippines Press.1975
- Santiago, Erlinda, Alicia Kahayon at Magdalena Limdico. *Panitikang Filipino Kasaysayan at Pag-unlad Pang-kolehiyo*. Mandaluyong City: National Book Store.1989.
- Torres-Yu, Rosario. *Alinagnag: Sanaysay ng mga Panlipunang Panunuri sa Panitikan*. Manila: University of Santo Tomas Publishing House. 2011.
- _____. KILATES. *Panunuring Pampanitikan ng Pilipinas*. Quezon City: The University of the Philippines Press.UP Diliman. 2006.
- _____. Ed. *Bayan at Lipunan, Ang Kritisismo ni Beinvenido L. Lumbea*. Manila: University of Santo Tomas Publishing House.2005.
- Zaide, Gregorio F. *Philippine History and civilization*. Manila: Modern Book Company. 1961.